ELC EDUCATION LAW CENTER

# ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN: MGA MAG-AARAL NA IMIGRANTE

## LAHAT NG BATA SA NEW JERSEY AY MAY KARAPATANG MAKATANGGAP NG LIBRENG PAMPUBLIKONG EDUKASYON

- Mula noong 1982, inatasan ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang lahat ng pampublikong paaralan sa bansa na bigyan ng edukasyon ang bawat batang nasa tamang edad, anuman ang kanilang legal na katayuan sa imigrasyon.
- Katulad nito, iniaatas din ng Konstitusyon ng New Jersey na ang bawat bata sa estado ay dapat makatanggap ng libreng pampublikong edukasyon.
- Ipinagbabawal sa mga pampublikong paaralan sa New Jersey ang pagtatanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang mag-aaral o ang paghingi sa mga magulang ng numero ng social security o iba pang dokumento o impormasyon na may kaugnayan sa pagiging mamamayan o sa katayuan sa imigrasyon (maliban sa limitadong pagbubukod ng mga mag-aaral na may o nag-aaplay para sa F-1 visa).

## ILEGAL ANG DISKRIMINASYON AT PANLILIGALIG BATAY SA KATAYUAN SA IMIGRASYON

- Ang diskriminasyon at panliligalig sa paaralan batay sa katayuan sa imigrasyon – o kahit sa inaakalang katayuan sa imigrasyon – ay labag sa batas ng New Jersey, at maaaring magsampa ng reklamo sa New Jersey Office of the Attorney General, Division on Civil Rights. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang File a Civil Rights Complaint with DCR.
- Saklaw ng Anti-Bullying Bill of Rights Law ng New Jersey ang pang-aapi sa paaralan na may kaugnayan sa tunay o inaakalang katayuan sa imigrasyon. Maaaring iulat ang mga insidente ng pang-aapi gamit ang HIB 338 Form (isinalin sa sampung wika).

## NAKATANGGAP NA NG GABAY ANG MGA PAARALAN SA NEW JERSEY KUNG PAANO PROTEKTAHAN ANG MGA MAG-AARAL NA IMIGRANTE

- Bagaman maaaring subukan ng mga ahente ng imigrasyon na pumasok sa mga paaralan ayon sa bagong patakaran ng pederal na gobyerno, inabisuhan ng New Jersey Department of Education (NJDOE) ang mga paaralan na hindi maaaring pumasok ang mga ahenteng ito sa mga pribadong bahagi ng paaralan nang walang utos mula sa hukom. Mayroon ding mga limitasyon sa pag-access sa mga mag-aaral at kanilang mga rekord. Maaari mong basahin ang gabay ng NJDOE para sa mga paaralan dito.

- Makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong paaralan o sa superintendent upang malaman ang mga patakarang ipinatutupad sakaling may dumating na opisyal ng imigrasyon.
- Hindi awtorisado ang mga school resource officer o lokal na pulisya ng New Jersey na tumulong sa mga pederal na ahente ng imigrasyon.
- Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa pakikisalamuha sa mga opisyal ng imigrasyon, bisitahin ang New Jersey Office of New Americans (ONA) at tingnan ang kanilang Know Your Rights na mga polyeto sa Ingles at Espanyol.

## MAY KARAPATAN ANG MGA MAGULANG SA MAKABULUHANG KOMUNIKASYON SA PAMAMAGITAN NG WASTONG PAGSASALIN O PAGPAPALIWANAG

- Ayon sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 at Equal Educational Opportunities Act ng 1974, iniaatas sa mga pampublikong paaralan na magbigay ng epektibong tulong sa wika para sa mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles at tiyaking maipapaalam sa kanila ang mahahalagang impormasyon tulad ng ibinibigay sa mga magulang na nagsasalita ng Ingles.
- Maaari itong maisagawa sa pamamagitan ng wastong oral na pagsasalin (interpretation) o nakasulat na pagsasalin (translation).

## SIGURADUHIN ANG PRIBADONG IMPORMASYON NG INYONG MGA ANAK

- Sa ilalim ng mga batas ng pederal at estado tungkol sa privacy, sa pangkalahatan ay hindi pinapayagan ang mga ikatlong partido, tulad ng mga ahente ng imigrasyon, na makuha ang impormasyon ng isang mag-aaral nang walang pahintulot ng magulang, maliban sa ilang pangunahing impormasyong itinuturing ng paaralan bilang "directory information."
- Alamin kung anu-anong impormasyon ang itinuturing ng inyong paaralan bilang "directory information," dahil ito ay pampublikong impormasyon at maaaring makuha ng mga ahente ng imigrasyon. Kung ang "directory information" ay may kasamang sensitibong impormasyon, tulad ng lugar ng kapanganakan ng inyong anak, ipagbigay-alam sa inyong paaralan na nais ninyong opt out o hindi isama ang impormasyong iyon bilang “directory information.”

## MAGHANDA NG PLANO PARA SA POSIBLENG PAGKAKAHIWALAY NG MGA MAGULANG SA KANILANG MGA ANAK

- Kung may posibilidad kang ma-detain o ma-deport, maghanda nang maaga sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang mapagkakatiwalaang nasa hustong gulang na maaaring mangalaga sa iyong mga anak sa panahon ng inyong pagkakahiwalay. Isaalang-alang ang paggamit ng isang power of attorney upang bigyan ng legal na awtoridad ang taong ito na gumawa ng mahahalagang desisyon para sa inyong mga anak habang kayo ay wala.
- Tipunin at ayusin ang mahahalagang dokumento at impormasyon na maaaring kailanganin ng taong inatasan mong mangalaga sa iyong mga anak, at tiyaking updated ang kanilang contact at emergency contact information sa kanilang paaralan.

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

- Hanapin ang polyetong ito sa iba pang wika at tingnan ang mas detalyadong impormasyon at mga mapagkukunan sa ELC webpage.
- Para sa mga isyu kaugnay ng batas sa imigrasyon, tingnan ang mga referral ng ONA para sa libreng serbisyong legal.
- **Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa polyetong ito o sa mga karapatan ng iyong pamilya at mga anak sa mga pampublikong paaralan sa New Jersey, tumawag sa ELC sa 973-624-1815. Pindutin ang extension "300" o pindutin ang "3" upang ma-access ang intake system. Kompidensyal ang inyong tawag, at ang aming serbisyo ay libre para sa mga pamilyang kwalipikado batay sa kita.**